



PATNUBAY SA MISA



8 Nobyembre 2020

Ika-32 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

Ang Katalinuhang Maging Handa sa Pagdating ng Panginoon

Tayo ay nagdiriwang ng Ikatatlumpu't Dalawang Linggo sa Karaniwang Panahon. Malapit nang magtapos ang Taon ng Simbahan. Ang ating mga pagbasa ay nakatuon sa pagiging matalino sa buhay na ito. Ang talagang matalino ay ang laging handa para sa pagdating ng Panginoon sa wakas ng panahon.

Wala talagang nakababatid kung kailan darating ang Panginoon. Ang pagiging handa ay ipinakikita sa pagkakaroon ng mga ilawang laging nagningas. Ang langis sa ilawan ay sagisag ng mabubuting gawa. Ang liwanag na isinasaboy nito ay ang dalisay na pag-ibig. Ang tunay na matalinong alagad ay pinupuno ang kanyang buhay ng mabubuting gawa para sa kapwa upang mamalas ng lahat ang tindi ng kanyang pagmamahal sa Diyos.

Tulungan sana tayo ng banal na Eukaristiyang lumago sa katalinuhang kinakailangan para makasalubong sa Panginoon kailan man siya dumating.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

D'yos ko, ako'y iyong dinggin; pakinggan sa pagdalangin, tulungan sa aking daing. Pandinig mo ay ikiling sa pagluhog ko't paghiling.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong darating sa wakas ng panahon, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Tayo ay binibigyan ng Panginoon ng talino upang maging laging handa para sa kanyang pagdating sa ating buhay. Para sa ating kakulangan ng sigasig sa paghahanda, humingi tayo ng katapawaran. (Manhimik saglit.)

P—Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa talinong

iyong bigay upang maging laging handa kami para sa iyong pagdating, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kawalan ng pag-asa sa lakas na iyong ibinibigay upang makagawa kami ng mabuti bilang aming masigasig na paghahanda para sa iyong pagdating, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming nanlalamig na pagmamahal na siyang dapat magdala ng liwanag para sa pagdiriwang ng iyong kasalan sa wakas ng panahon, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga

taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, para mo nang awang ilayo sa amin araw-araw ang lahat ng mga sumasalungat sa amin at

humahadlang upang ang aming buong katauhan ay magkaroon ng kalayaan para kusang sundin ang iyong kalooban sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Kar 6:12-16

Ang ating Unang Pagbasa galing sa Aklat ng Karunungan ay nagtuturong dapat hanapin at pahalagahan ang karunungan. Hindi nagtatago ang karunungan sa mga naghahangad sa kanya. Ito ang magbibigay ng katiwasayan ng loob sa mga anak ng Diyos.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ng Karunungan

Ang Karunungan ay maningning at di kumukupas. Madaling natatagpuan ng naghahanap sa kanya, at nakikita agad ng mga nagpapahalaga sa kanya. Madali siyang nagpapakilala sa mga naghahangad sa kanya. Hanapin mo siyang maaga at agad mo siyang matatagpuan. Makikita mo siyang nag-aabang sa iyong tarangkahan. Isipin mo lamang siya’y magkakaroon ka ng ganap na pagkaunawa. Hanapin mo siya’t matatahimik ang iyong kalooban. Pagkat hinahanap niya ang mga karapat-dapat sa kanya, at makikita ka niya saan ka man naroon. Siya’y maamo at sasamahan ka niya sa bawat iniisip mo.

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 62

B–*Aking kinasasabikan, Panginoon, ikaw lamang!*

R. M. Velez

F / E / Dm / C / Bb

A- king kina-sa-sabi-kan, Pa-ngi-

Gm / C / F

no-on i- kaw la-mang!

* O Diyos, ikaw ang aking Diyos na lagi kong hinahanap; ang uhaw kong kaluluwa’y tanging ikaw yaong hangad; para akong tuyong lupa na tubig ang siyang lunas. **B.**

* Bayaan mong sa santwaryo, sa lugar na dakong banal, ikaw roo’y mamasdan ko, sa likas mong karangalan. Ang wagas na pag-ibig mo’y mahigit pa kaysa buhay, kaya ako’y magpururi’t ikaw ang pag-uukulan. **B.**

* Habang ako’y nabubuhay, ako’y magpapasalamat, at ako’y dadalangan na kamay ko’y nakataas. Itong aking kaluluwa’y kakaing may kasiyahan, magagalak na umawit ng papuring iaalay. **B.**

* Laman ka ng gunita ko samantalang nahihimlay, magdamag na ang palaging iniisip ko ay ikaw; pagkat ikaw sa tuwina ang katulong na malapit, sa lilim ng iyong pakpak galak akong umaawit. **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Tes 4:13-18

Sa Unang Sulat ni San Pablo sa mga Tesalonika ay makikita ang pangako ng muling pagkabuhay para sa mga namatay na nananalig kay Hesus. Sa kanyang muling pagbabalik ay isasama niya sa kanyang kaligayahang walang katapusan ang kanyang mga tapat na alagad.

L–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonika

Mga kapatid: Ibig naming malaman ninyo ang katotohanan tungkol sa mga namatay na, nang hindi kayo magdalamhati, tulad ng mga taong walang pag-asa. Naniniwala tayong si Hesus ay namatay at muling nabuhay. Kaya naman, naniniwala tayong bubuhayin din ng Diyos ang lahat ng namatay na nananalig kay Hesus – upang isama sa kanya.

Ito ang aral ng Panginoon na sinasabi namin sa inyo: pagparito ng Panginoon, tayong mga buhay ay hindi mauuna sa mga namatay na. Sa araw na yaon, kasabay ng malakas na utos ng tinig ng arkanghel, at ng tunog ng trompeta ng Diyos, bababa ang Panginoon mula sa langit. Bubuhayin muna ang mga namatay na nananalig kay Kristo. Pagkatapos, tayong mga buhay pa ay titipunin niya sa ulap at isasama sa mga binuhay upang salubungin sa papawirin ang Panginoon. Sa gayo’y makakapiling niya tayo magpakailanman.

Kaya nga, mag-aliwan kayo sa pamamagitan ng mga aral na ito.

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Aleluya Mt 24:42a.44

B–Aleluya! Aleluya!

Tayo ay laging magtanod sapagkat di natin talos ang pagbabalik ni Hesus. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 25:1-13

Ang kasalan ng mga Hudyo ay laging sa gabi ginagawa. Kaya mahalaga ang ilawan. Ang mga abay ay hindi bulaklak ang dala kundi ilawan para tanglawan ang pagdiriwang. Ang matalinong abay ay may sapat na langis para sa buong pagdiriwang. Ang langis ay sagisag ng mabubuting gawa. Ang kinulang ng dalang langis ay ang alagad na salat sa mabubuting gawa.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B– Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad ang talinghagang ito: “Dito maitutlad ang pagpasok sa kaharian ng Diyos: may sampung dalagang lumabas upang sumalubong sa lalaking ikakasal. Bawat isa’y may dalang ilawan. Ang lima sa kanila’y hangal at ang lima’y matalino. Ang mga hangal ay nagdala ng kanilang mga ilawan ngunit hindi nagbaon ng langis. Subalit ang matatalino’y nagdala ng langis bukod pa sa nasa kanilang ilawan.

Nabalam ng dating ang lalaking ikakasal, kaya’t inantok silang lahat at nakatulog. Ngunit nang hatinggabi na’y may sumigaw: ‘Narito na ang lalaking ikakasal! Salubungin ninyo!’ Agad nagbangon ang sampung dalaga at inayos ang kanilang ilawan. Sinabi ng mga hangal sa matatalino, ‘Bigyan naman ninyo kami ng kaunting langis. Aandap-andap na ang aming mga ilawan, e.’ ‘Baka hindi magkasiya ito sa ating lahat,’ tugon ng matatalino. ‘Mabuti pa’y pumunta muna kayo sa nagtitinda at bumili ng para sa inyo.’

Kaya’t lumakad ang limang hangal na dalaga. Samantalang bumibili sila, dumating ang lalaking ikakasal. Ang limang nakahanda ay kasama niyang pumasok sa kasalan, at ipininid ang pinto. Pagkatapos, dumating naman ang limang hangal na dalaga. ‘Panginoon, papasukin po ninyo kami!’ sigaw nila. Ngunit tumugon siya, ‘Sinasabi ko sa inyo: hindi ko kayo nakikilala.’

Kaya magbantay kayo, sapagkat

hindi ninyo alam ang araw ni ang oras.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hingin natin sa Diyos na kayanin nating maging handa para sa pagdating ng Panginoong Hesus. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

B – Ama naming mahal, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pangunahan nila ang kanilang kawan sa masigasig na paghahanda para sa pagdating ng Panginoon sa wakas ng kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang maging handa sila sa lahat ng sandaling magsulit sa Diyos ng kanilang mga ginawa para sa mga taong-bayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang masaya nilang salubungin ang Panginoon sa sandaling itinakda ng Diyos at matamo ang gantimpalang kanyang bigay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat ng mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating matutunang paghandaan ang pagbabalik ng Panginoon sa pamamagitan ng ating masigasig na paggawa para sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat na nanaalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matuksong mawalan ng gana sa ating paghahanda para sa pagdating ng Panginoon at sa pamamagitan ng ating mga nagniningas na ilawan ay makapasok tayo sa bulwagan ng kanyang kasalan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming mahal, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang pukawin ang aming mga puso at nang sa pamamagitan ng aming mabubuting gawa at marubdob na pagmamahal ay masigasig naming mapaghandaan ang pagdating ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon. **B** – Amen!



P – Manalangin kayo . . .
B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ng mga natitipon dito upang ang aming

ginaganap na pag-aalay ng sarili ng Anak mo ay aming pakinabangan sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo VIII

P – Sumainyo ang Panginoon!

B – At sumaiyo rin!

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B – Itinaas na namin sa Panginoon!

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B – Marapat na siya ay pasalamatan!

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ang iyong mga supling na nagtaksil ay nagbabalik ngayon sa iyong paggiliw bunga ng mala-sakit ng Anak mong masunurin at ng Espiritung bigay upang lahat ay kupkupin. Kaming mga tinubos ng Anak mong mahal ay niloob mong magtipon at magkapisan upang makasalo sa masaganang hapag ng buhay. Kaisa ng Anak mo at ng Espiritu Santo ang iyong sambayana’y nagpupuri sa iyo. Nagkakapisan ngayon ang bumubuo sa Katawan ni Kristo. Nagkakatipon ngayon ang pinanahanan ng iyong Espiritu.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Pastol kong nagtataguyod ang Panginoong aking D'yos; di ako maghihikahos, pagkai'y kanyang kaloob, inumin ay kanyang dulot.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, tinatanaw naming utang na loob ang banal na pakikinabang at iniluluhog naming ang Espiritu Santo ay mag-umapaw sa kalooban naming kanyang tinitigib ng iyong kadakilaan upang ang iyong kagandahang-loob ay manatili sa amin palagian sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGWAWAKAS



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo at puspusin ang inyong buhay ng kanyang karunungan at pagmamahal.

B—Salamat sa Diyos!



Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang *Unitatis redintegration* (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang ikalawa ay tungkol sa tamang pananaw sa ating mga napahiwalay na kapatid sa Kanluran. Ang ikadalawang dalawang bilang ay nagpapahayag ng kahalagahan ng sakramento ng Binyag. Ang sakramentong ito ang siyang nag-uugnay sa lahat ng mga Kristiyano sa iisang pananampalataya sa Panginoong Hesuskristo. Ito ang dapat maging batayan sa pag-uusap tungo sa pagkakaisa. Ang mga paksa sa pag-uusap na ito ay ang Banal na Hapunan ng Panginoon, ang ibang mga sakramento, ang pagsamba, at ang paglilingkod sa Simbahan.

IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

Ikalawang Bahagi: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG NAPAHIWALAY NA NASA KANLURAN

“Sa pamamagitan ng sakramento ng Binyag, kapag ito ay naigawad nang tunay ayon sa paraang pinili ng Panginoon at tinanggap nang may tamang lagay ng kaluluwa, ang tao ay tunay na nakikibahagi kay Kristong ipinako sa krus at niluwalhati

at siya ay muling isinisilang sa pakikibahagi sa buhay na maka-Diyos, tulad ng sinasabi ng Apostol: ‘*Samakatwid, tayo’y namatay at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng binyag upang kung paanong binuhay na muli si Kristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo nama’y mabuhay sa isang bagong pamumuhay*’ (Roma 6:4).”

“Ang Binyag ang sakramentong siyang nagbibigkis sa pagkakaisa sa lahat ng mga muling isinilang sa pamamagitan nito. Ngunit ang binyag, saganang sarili niya, ay simula lamang, isang paglulunsad, dahil ito ay nakatuon nang buong-buo sa pagtatamo ng ganap na buhay kay Kristo. Ang binyag ay nagdadala sa buong pagpapahayag ng pananampalataya, isang walang kulang na pakikilahok sa paraan ng kaligtasang siyang ninais ng walang iba kundi si Kristo, at sa wakas ay nagtutulak sa buong pagkakaisa sa pagdiriwang ng Eukaristiya.”

“Kahit ang mga pamayanang napahiwalay sa atin ay kulang sa kabuuan ng pagkakaisang kasama nating umaagos mula sa binayag, at kahit naniniwala tayong hindi nila napangalagaan ang tamang katotohanan ng hiwaga ng Eukaristiya sa kabuuan nito, lalo na sa kakulangan ng sakramento ng pagpapari, kapag ginugunita naman nila ang kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoon sa Banal na Hapunan, ipinahahayag nilang ipinahahayag nito ang buhay ng pakikipagkaisa kay Kristo at ang paghihintay sa kanyang pagdating sa kaluwalhatian. Dahil sa mga ito, ang pagtuturo hinggil sa Hapunan ng Panginoon, sa ibang mga sakramento, sa pagsamba, at sa paglilingkod sa Simbahan, ay dapat maging mga paksa sa pag-uusap.”



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua